

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-4 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 ENERO 2003. IKA 9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:


Vice Mayor Cesar T. Daticos	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Gemmar C. Montesa	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan


Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 005
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY GNG. PRESCILA M. SALAZAR AT MGA KAAKAK SA PAGPANAW NG KANILANG MINAMAHAL, G. CARLOS S. SALAZAR.

SAPAGKA'T	ang pagpanaw ng isang minamahal sa buhay lalo pa't ng isang ama at haligi ng tahanan at tagapagtaguyod ng kanyang pamilya ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;
SAPAGKA'T	ang yumaong si G. Carlos S. Salazar ay isang mabait at mapagpalang ama, isang butihing asawa at mapagmahal na anak at kapatid sa kanyang pamilya;
SAPAGKA'T	ang pagpanaw ni "Caloy" gaya ng tawag sa kanya ng mga kaibigan, kasamahan at kaanak ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga kasamahang kawani sa Pamahalaang Bayan ng Roxas na naging mga kapatid niya at kaanak sa loob ng maraming taon;
SAPAGKA'T	ang pamimighati ng kanyang butihing kaniyak, Gng. Precy M. Salazar na isa ring kawani ng pamahalaang lokal ay nararamdaman din ng kanyang mga kasamahang kawani sa pamahalaang bayang ito na nakikiramay sa pagyao ng isang kasamahan at kaibigan;





SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga namumuno at mga kawani ay lubos na nakikiramay sa pagyao ng isang ama, isang kaibigan at isang lingkod-bayan.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabol kay Gng. Precy M. Salazar, mga anak at mga kaanak na naulilia ni G. Carlos S. Salazar ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang Ito.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Precy M. Salazar at sa mga kaanak ng yumaog lakip ang mataos na pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat. 27 Enero 2003


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/
012803